

Module IV, Unit 3

CONVERSATION

Pagbili ng Subenir
Buying Souvenirs



Philippine "Indio" dressed in "Barong Tagalog"
Photo: Biblioteca Nacional de Madrid
Public Domain



- Bob: Anong halaga ng lampara? What's the price of a lamp?
- Tindera: Singkuwenta pesos po. Fifty pesos, sir.
- Bob: Bakit napakamahal? Why so expensive?
- Tindera: Sapagka't mabuting klase at gawang-kamay. Mura na po iyon. Because [it's] good quality and [it's] hand-made. That's already cheap.
- Bob: Anong yari ito? What is this made of?
- Tindera: Kapis po, kaya maganda. Capiz shell, sir; that's why it's beautiful.
- Bob: Maaari bang treynta pesos na lamang? Can I have it for just 30 pesos?
- Tindera: Hindi po maaari. Magdagdag pa kayo. (It's) not possible, sir. Add some more.
- Bob: Treyntay otso pesos na lang. Thirty-eight pesos only.

Tindera:	O, sige na nga. Ano pa ang gusto ninyo?	All right, go on. What else do you like?
Bob:	Magkano ang prutera?	How much is the fruit bowl?
Tindera:	Kuwarantay nuwebe pesos at singkuwenta sentimos.	Forty-nine pesos and fifty centavos.
Bob:	Puwede ba akong tumawad?	Can I bargain?
Tindera:	Hindi po puwede. Wala nang tawad. Murang-mura na iyan.	No, sir, you can't. There is no more discount. That's already very cheap.
Bob:	Okey, ipakibalot mo nang mabuti.	OK. Please wrap it well (for me).

NOTES ON THE CONVERSATION



Fort Santiago in Manila
Photo: Drumlanrig
Public Domain

Maaari bang treynta pesos na lamang? literally means "Can [it be] thirty pesos only?"

Maaari means "can," "could," or "possible." Hindi maaari - "(It's) not possible."

Puwede ba akong tumawad? literally means "Can I bargain?"

Napakamahal means "very expensive" from mahal, "expensive."

Mura is "cheap." Murang-mura means "very cheap."

Kapis (capiz) are flat translucent shells used to make lamps, trays, wind chimes, and other home decorations.

Tumawad means "to bargain" from tawad, "bargain," "discount."

Ipakibalot - ipaki is a prefix used to ask someone to do something for you.

Nang mabuti, "very well."

EXERCISES



Coconut Palace, Manila
Photo: Paul Shaffner
cc-by-2.0

Exercise 1. Repetition

kabibi	conch shell
lamparang kabibi	lamp made of shells
istatuwa	statue
larawang oleo	oil painting
kuwadro	picture frame
prutera	fruit bowl
mantel	tablecloth
burdadong mantel	embroidered tablecloth
punda	pillow cases
burdadong punda	embroidered pillow cases
kuwintas	necklace
tsinelas na abaka	abaca (Manila hemp) slippers
silyang ratan	rattan chair
mesang ratan	rattan table
abuhan*	ashtray
kahon ng tabako	box of cigars
bastong inukit	carved walking stick
panyolitong pinya	handkerchief made from pine- apple fiber
	* * *
pleysmat	place mat
hanbag	handbag
basket	basket
astre	ashtray

*In some areas titisan is also used for "ashtray."

Exercise 2. Say in Pilipino:



1. abaca slippers
2. statue
3. necklace
4. handkerchief made from pineapple fibers
5. conch shell
6. box of cigars
7. embroidered tablecloth
8. carved walking stick
9. fruit bowl
10. oil painting
11. picture frame

Exercise 3.

You hear: statue

Say: Anong halaga ng istatuwa?

tablecloth
rattan chair
abaca slippers
box of cigars
conch shell
carved walking stick

Magkano ito?

Magkano iyan?

Magkano iyon?

Exercise 4. Say in English:



Exercise 5. Say in Pilipino:



1. What is this made of?
2. Can I have it for forty pesos?
3. Can I bargain?
4. Please wrap it well.
5. Is it handmade?
6. How much is the lamp?
7. How much is this?
8. How much each is that?
9. How much is that over there?

Exercise 6. Conversation for Listening Comprehension

- Tindera: Hoy, Anne, anong gusto mong bilhin ngayon?
- Anne: Gusto ko ng isang larawan para sa aking kaibigan sa California.
- Tindera: Ito ang pinakamaganda. Gusto mo ba?
- Anne: Oo, napakaganda! Pero magkano ba ito?
- Tindera: Ibibigay ko sa iyo ng tatlung piso.
- Anne: Bakit mahal?
- Tindera: Mangyari malaki ito at "oil painting."
- * * *
- Anne: Anong yari ang kuwadrang iyan?
- Tindera: Nara at kinse pesos lamang.
- Anne: Puwede bang trentay singko pesos na lamang ang larawan at kuwadro?
- Tindera: Hindi puwede. Maaari sa kuwarenta pesos.
- Anne: Okey, ipakibalot mo lang.